San Francisco Health Commission

City Hall
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 244
San Francisco 94102-4689
Tel. No. 554-5184
Fax No. 554-5163
TDD/TTY No. 554-5227

# PAUNAWA SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG

## MGA IPINAPANUKALANG PAGBABAWAS NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN PARA SA TAONG PISKAL 2026–2027 AT 2027–2028

IPINABABATID NA ang Komisyon sa Kalusugan ng San Francisco, bilang isang Committee of the Whole, ay magsasagawa ng pampublikong pagdinig upang isaalang-alang ang sumusunod na panukala at ang nasabing pampublikong pagdinig ay gaganapin gaya ng nakasaad sa ibaba, kung saan ang lahat ng interesadong partido ay maaaring dumalo at magpahayag ng kanilang saloobin:

**Petsa: Mayo 18, 2026**

**Oras: 3:00 PM**

**Lugar: City Hall, Room 408,1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, San Francisco, CA 94102**

**Paksa: Pagdinig upang isaalang-alang ang badyet ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan na magbabawas ng mga medikal na serbisyo/serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibibigay ng Lungsod at County ng San Francisco para sa FY 2026–27 at FY 2027–28, alinsunod sa Beilenson Act at Seksyon 1442.5(a) ng Health and Safety Code ng California.**

Sa pagdinig na ito, isasaalang-alang ng Komisyon sa Kalusugan ng Lungsod at County ng San Francisco ang epekto ng ipinapanukalang pagbabawas ng mga medikal na serbisyong ibinibigay ng mga pasilidad ng Lungsod at County. Tatanggapin sa pagdinig na ito ang mga pampublikong pahayag, pasalita man o nakasulat.

Inihanda ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco ang kalakip na listahan ng mga ipinapanukalang pagbabawas sa badyet na saklaw ng Beilenson Hearing. Kasama sa listahan ang pagbabawas ng mga medikal na serbisyo sa mga pasilidad ng Lungsod at County ng San Francisco. Bagama’t ang Seksyon 1442.5(a) ng Health and Safety Code ay nangangailangan lang ng paunawa para sa pagbabawas ng mga medikal na serbisyo sa mga pasilidad ng county at hindi nangangailangan ng paunawa para sa pagbabawas ng mga serbisyo sa edukasyong pangkalusugan, serbisyong pang-iwas sa sakit, at serbisyo sa outreach, isinama ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ang mga ipinapanukalang pagbabago para sa parehong uri sa kalakip na listahan. Tanging ang mga item sa unang seksyon ng listahan ang kinakailangang isama sa pagdinig, ngunit ang lahat ng item ay isasaalang-alang pa rin sa pagdinig. Ang karagdagang impormasyon

tungkol sa mga ipinapanukalang pagbabawas ay available sa pamamagitan ng pagtawag sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan sa (415) 554-2600.

Alinsunod sa Seksyon 67.7-1 ng Administrative Code ng San Francisco, ang mga taong hindi makakadalo sa pagdinig tungkol sa mga usaping ito ay maaaring magsumite ng mga nakasulat na komento sa Lungsod bago magsimula ang pagdinig. Ang mga komentong ito ay magiging bahagi ng mga opisyal na pampublikong rekord sa mga usaping ito at idudulog sa Komisyon sa Kalusugan. Ang mga nakasulat na komento ay dapat ipadala kay/sa Mark Morewitz, Director of Health Commission Affairs, 1145 Market Street, 11th Floor, San Francisco, CA 94103. Ang impormasyon kaugnay ng usaping ito ay available sa San Francisco Department of Public Health, 1145 Market Street, 11th Floor, at ang agenda ay magiging available para sa pampublikong pagsusuri sa Abril 20, 2026.

Mark Morewitz
Director of Health Commission Affairs
San Francisco Department of Public Health
City and County of San Francisco

PETSA: Abril 6, 2026
IPINASKIL NOONG: Abril 6, 2026